

## IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

### Kundisyon ng pagmamanupaktura ng ASEAN noong Disyembre, malapit sa pinakamatinding pag-unlad na naitala

#### Mga pangunahing nalaman

Bumilis ang paglago ng output nang malapit sa pinakamabilis na naitala

Tuloy-tuloy pang dumami ang bagong trabaho

Tumindi ang mga pressure sa inflation

Kinolekta ang data noong 06-17 Disyembre 2021.

Patuloy na naging matindi ang pag-unlad ng mga kundisyon ng pagmamanupaktura ng ASEAN noong Disyembre, ayon sa pinakabagong data ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™). Dumami ulit ang output at mga bagong order, kung saan ang bilis ng paglago ng naunang nabanggit ay malapit sa pinakamabilis noong Oktubre. Gayunpaman, mas tumindi ang mga pressure sa inflation dahil sa mga kasalukuyang paghihigpit sa supply, habang bumilis ang inflation ng gastos at presyo ng output sa buwang ito, at nanatili itong isa sa mga pinakamataas na naitala.

Ang headline na PMI ay nanatiling mas mataas kaysa sa neutral na antas na 50.0 noong Disyembre, na nagpapahiwatig ng ikatlong magkakasunod na buwang pag-unlad ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN. Bukod pa rito, ang pinakabagong naitala na pagtaas sa 52.7 noong Disyembre mula sa 52.3 noong Nobyembre ay nagpahiwatig ng bumilis na pag-unlad na siyang pangalawa sa pinakamabilis na naitala.

Lima sa pitong miyembrong bansa ng ASEAN ang nag-ulat ng pag-unlad sa mga kundisyon ng pagmamanupaktura sa huling buwan ng 2021. Nanguna sa pag-unlad ang Singapore, kung saan ang headline na PMI ay umabot sa pinakamataas nito na 58.0 (kasama ang sa Abril 2013) at nagpahiwatig ng mabilis at pangkalahatang pag-unlad. Samantala, nakapagtala ang Indonesia ng pag-unlad sa mga kundisyon sa ikaapat na magkakasunod na buwan. Lalo pang bumagsak ang PMI (53.5) mula sa pinakamataas noong Oktubre, ngunit nagpakita pa rin ito ng mabilis na expansion.

Sa ibang dako, nag-ulat ang Malaysia at Vietnam ng mas matitinding pag-unlad noong Disyembre. Sa nauna sa nabanggit, tumaas ang PMI sa 52.8, ang pinakamataas sa nakalipas na walong buwan, at nagpahiwatig ito ng matinding pag-unlad sa kalagayan ng sektor. Ang naitalang headline (52.5) ng Vietnam rin ang pinakamataas mula noong nakaraang Mayo.

Ang Pilipinas lang ang nag-iisa pang miyembrong bansa na nakapagtala ng pag-unlad sa mga kundisyon ng pagmamanupaktura noong Disyembre. Sa 51.8, nagpakita ang PMI ng bilis ng pag-unlad na maliit ang pinagbago sa Nobyembre at naging katamtaman ito sa pangkalahatan.

*ipinagpatuloy...*

ASEAN Manufacturing PMI  
sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

#### Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

*“Tinapos ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN ang 2021 sa isa na namang magandang performance. Patuloy na bumawi ang mga kundisyon ng negosyo, at tumaas ang PMI sa buwang ito para magpakita ng average na naitala para sa ikaapat na quarter na siyang pinakamataas na naitala.*

*“Ang pag-unlad noong Disyembre ay dulot ng tuloy-tuloy na pagdami ng output at bagong trabaho, kung saan ang bilis ng paglago ng naunang nabanggit ay kapansin-pansing malapit sa pinakamabilis na naitala.*

*“Kasabay nito, bahagyang tumindi ang mga pressure sa inflation, habang napataas na naman ng mga kasalukuyang problema sa supply ang mga pasaning gastos, kung saan ang pagtaas ng gastos at average na singil sa inflation ay kasama sa pinakamatataas na naitala.*

*“Gayunpaman, naging mas positibo ang mga inaasahan ng mga kumpanya sa buwang ito pagdating sa output para sa susunod na taon, kung saan naging pinakapositibo ang pananaw mula noong Mayo 2019. Talagang nananatiling matatag ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN kasabay ng pagpasok natin sa 2022, at ipinapakita ng pinakabagong pagbawi na maliit ang tsansang magpapapigil ito.”*

Kasabay nito, nakapagtala ang Thailand ng bagong paghina sa mga kundisyon ng pagmamamunapktura. Bumagsak ang headline index nang mas mababa sa 50.0 na marka sa unang pagkakataon mula noong Setyembre, at bagama't ito ay nasa 49.5, nagpahiwatig lang ito ng bahagyang contraction sa pangkalahatan. Panghuli, nanatiling nasa contraction ang Myanmar sa ikalabing-anim na magkakasunod na buwan noong Disyembre. Gayunpaman, tumaas ang PMI (49.0) sa pinakamataas mula nang magsimula ang contraction na ito, at nagpahiwatig lang ng katatamang bilis ng paghina.

Sa pangkalahatan, nakapagtala ang sektor ng pagmamamunapktura sa ASEAN ng magandang performance noong Disyembre. Ang pinakabagong pag-unlad ay dulot ng bilis ng paglago ng output na malapit sa pinakamabilis na naitala, bukod pa sa tuloy-tuloy na expansion sa dami ng mga order book, bagama't bahagyang mas mahina ito kaysa noong Nobyembre.

Nagpahiwatig din ang data noong Disyembre ng bumilis na aktibidad sa pagbili sa mga producer ng produkto sa ASEAN. Sa katunayan, ang pagdami ang pinakamabilis na naitala. Kasunod nito, lalong dumami ang mga imbentaryo bago ang produksyon.

Patuloy na nakahadlang nang bahagya ang mga paghihigpit sa supply sa mga pagsisikap na paramihin ang stock, habang malaki ang itinagal ng mga average na lead time para sa mga input sa ikadalawampu't tatlong magkakasunod na buwan.

Kasabay nito, mas matitinding pressure sa inflation ang naitala ng mga kumpanya noong Disyembre. Tumaas ulit ang mga pasanang gastos, kung saan bumilis ang inflation sa ikatlong pinakamabilis na sama-samang naitala. Bilang tugon, nagtaas ulit ang mga kumpanya ng kanilang mga presyo sa pagbebenta. Ang pinakabagong pagtaas ng mga singil ang pinakamabilis mula noong Oktubre 2013.

Samantala, lalo pang dumami ang mga backlog ng trabaho, kung saan ang mga pressure sa kapasidad ay isa sa pinakamatitinding naitala. Gayunpaman, kumaunti ulit ang mga trabaho, bagama't bahagya lang ang bilis ng pagbabawas.

Panghuli, tumaas ang kumpiyansa sa negosyo mula noong Nobyembre, kung saan naging pinakapositibo ang pananaw mula noong Mayo 2019.

### Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Kinolekta ang data ng Disyembre 2021 noong 06-17 Disyembre 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.


### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

### Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas  
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

### Makipag-ugnayan

Lewis Cooper  
Economist  
IHS Markit  
Telepono: +44 1491-461-019  
[lewis.cooper@ihsmarkit.com](mailto:lewis.cooper@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
Telepono: +44-207-260-2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2022 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa [ihsmarkit.com/products/pmi.html](https://ihsmarkit.com/products/pmi.html).